**Pangalan:________________________________________Petsa:____________________**

**<u>Magalang na Pananalita</u>**

I. Panuto: Basahin ang mga sitwasyon sa bawat bilang. Bilugan ang titik na nagpapakita ng magalang na pananalita na angkop sa sitwasyon.

1. **Nakita mo ang iyong guro bago ka pumasok sa iyong silid aralan.**
   A. Magandang umaga po.
   B. Salamat po.
   C. Walang anuman po.
   D. Paalam po.
2. **Dumalaw ang iyong lolo sa inyong bahay upang kumustahin ka at ang iyong pamilya.**
   A. Paalam, lolo!
   B. Kumusta ka?
   C. Mano po, lolo.
   D. Magandang araw.
3. **Aksidente mong nasagi ang iyong kaklase habang naghihintay sa pila sa *canteen,* kaya naman siya ay natumba***.*
   A. Paharang-harang ka kasi e.
   B. Hahaha, dapat alerto ka!
   C. Uy, *sorry*, ang lampa mo kasi e.
   D. Paumanhin sa iyo, hindi ko sinasadya.
4. **Nais mong sumama sa iyong ama patungo sa *mall* ngunit ikaw ay may takdang aralin pa na dapat tapusin.**
   A. Tatay, isama mo ako.
   B. Tatay, hindi naman mahalaga iyan, sasama na lamang ako.
   C. Tatay, mamaya ko na lang po gagawin ang aking takdang aralin.
   D. Tatay, maaari ninyo po ba akong isama? Agad ko pong tatapusin muna ang aking takdang aralin.
5. **Binigyan ka ng regalo ng iyong kaibigan ngunit napansin mo na hindi ito orihinal.**
   A. Nararapat lang na ibigay mo ito sa akin.
   B. Maraming ganito sa Shopee, mura lang ito, 'no?
   C. Maraming salamat, aking kaibigan!
   D. Hindi naman orihinal itong regalo mo, kabigan.


©TEACHER ELA.com

**Pangalan:**______________________________________**Petsa:**___________________

**Magalang na Pananalita**

II. Panuto: Pagtambalin ang magalang na pananalita sa tamang gamit nito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| A | B |
|---|---|
| 1. Magandang araw po. ___ | a. Aalis na ang iyong mga kaibigan. Sila ay pauwi na sa kanilang tahanan. |
| 2. Maraming salamat po. ___ | b. Mabigat ang mga dala mong libro. Nais mong humingi ng tulong. |
| 3. Paumahin/Patawad. ___ | c. Nag-uusap ang dalawang tao ngunit kailangan mong dumaan. |
| 4. Walang anuman po. ___ | d. Muli mong nakita ang iyong tiya matapos ang limang taon. |
| 5. Mano po. ___ | e. Nakasalubong mo ang kapitbahay mo bago ka pumasok sa eskwela. |
| 6. Paalam! ___ | f. Aksidente mong nasagi ang iyong kaibigan habang nasa palaruan. |
| 7. Pakiusap po. ___ | g. Inabutan ka ng tubig ng iyong ina matapos kang maglaro sa labas. |
| 8. Makikiraan po. ___ | h. Dumalaw ka sa iyong lola dahil upang makausap siya. |
| 9. Maaari ninyo po ba akong tulungan? ___ | i. Nagpasalamat sa iyo ang iyong ama dahil binigyan mo siya ng regalo. |
| | j. Nais mong maglaro sa parke ngunit |
| 10. Kumusta po? ___ | kailangan mo munang magpaalam. |

©TEACHER ELA.com



©TEACHER ELA.com

**Pangalan:________________________________________Petsa:____________________**

**Magalang na Pananalita**

III. Panuto: Isulat sa patlang kung ano ang nararapat na sabihin mo gamit ang maglang na pananalita sa bawat sitwasyon.

1. Nais mong bumati sa iyong punong guro habang siya ay kumakain ng kaniyang panaghalian.

   ____________________________________________________________

2. Inimbitahan ka sa *birthday party* ng iyong kaibigan.

   ____________________________________________________________

3. Habang nag-uusap kayo sa hapag-kainan, aksidente mong natabig ang baso na may lamang tubig.

   ____________________________________________________________

4. Inutusan ka ng iyong ina na ihanda na ang mga pinggan at kubyertos bago kumain.

   ____________________________________________________________

5. Nagpasalamat sa iyo ang kapatid mo dahil sinamahan mo siya sa pamamasyal.

   ____________________________________________________________

TEACHER ©ELA.com



©TEACHER ELA.com